



Kalihim ng Ugnayang Panlabas, Hon. Albert F. Del Rosario

## Dahil sa pagligtas sa mga kababayan sa Gitnang Silangan, Kalihim ng DFA binigyang-papuri

Binigyan ng papuri kahapon ang Kalihim ng Ugnayang Panlabas na si Albert F. del Rosario para sa kanyang pурсigidong pagliligtas sa mga Overseas Filipino Worker (OFW) sa magugulong lugar sa Gitnang Silangan, ayon sa ulat ng Washington Post.

Libu-libong Pilipino na naapektuhan ng mga pag-aalsa sa Libya, Yemen, Bahrain, at Syria ang nakasaksi at napabilib nang tinungo ni Kalihim Del Rosario ang nasabing mga bansa. Siya pa mismo ang nakipag-usap sa mga kaukulang ahensya para tumulong sa pagliligtas.

Ang kanyang masigasig na pamumuno, ayon kay Ed Malaya, tagapagsalita ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas, ay “nakapagpasigla sa iba pang diplomats” at “nagbigay-inspirasyon” sa burukrasya.

LINK:[http://www.washingtonpost.com/world/philippine-diplomat-praised-for-daring-rescues-of-filipinos-in-strife-torn-arab-nations/2011/05/05/AFJxt3vF\\_story.html](http://www.washingtonpost.com/world/philippine-diplomat-praised-for-daring-rescues-of-filipinos-in-strife-torn-arab-nations/2011/05/05/AFJxt3vF_story.html)

## Kita ng PAGCOR, tumaas ng 10% sa Q1

Tumaas sa P8.37 billion ang kita ng Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) sa unang tatlong buwan ng taong ito. Tumaas ito ng 10 porsiyento kumpara sa P7.61 billion na kinita nito sa parehong panahon noong nakaraang taon.

“Dulot nito, napalago natin ang ating remittances ng P228 million para sa mga ahensyang may mandatong makatanggap ng pondo mula rito,” pahayag ng PAGCOR.

Sa pagtaas ng kita ng PAGCOR, lumaki din ang kontribusyon nito sa President’s Social Fund at sa Philippine Sports Commission. Lumaki din ang remittance nito sa National Treasury at ang ibinabayad nitong buwis sa Bureau of Internal Revenue.

Bunsod nito, napabilis ng PAGCOR ang pagbabayad ng utang ng gobyerno na mula pa sa dating administrasyon.

## P5-B smuggling case, isinampa ng customs laban sa kumpanya ng langis

Sinampahan ng Bureau of Customs (BOC) ngayong araw ng kasong smuggling na nagkakahalaga ng P5 billion ang Phoenix Petroleum Philippines, isa sa mga pinakamabilis na umunlad na kumpanya ng langis, dahil sa hindi pagbabayad ng kaukulang mga buwis.

Ayon sa mga press release ng Phoenix, lumago ng 122-porsiyento sa halagang P6.1 billion ang kita ng kumpanya sa unang tatlong buwan ng taong ito, kumpara sa P2.75 billion na kinita lamang nito noong nakarang taon.

Sa sunod na pahina

## Diskwento Caravan ng DTI, isasagawa sa buong bansa

Umabot na sa mga probinsya ang Diskwento Caravan Project na magdadala ng mas murang mga produkto para sa mga konsyumer at maghahatid ng ginhawa sa kabila ng tumataas na presyo ng langis.

“Nais din namin na matamasa ng mga konsyumer sa iba’t ibang rehiyon ang mababang presyo ng mga bilingin sa caravan, na nakatulong sa mga taga-Metro Manila dahil sa abot-kayang halaga,” wika ni Trade and Industry Secretary Gregory L. Domingo.

Sa sunod na pahina

## P2.5-M tulong pinansyal, iniabot ng DOLE Region 3 sa pitong grupo ng manggagawa

Nagkakahalagang P2.52 million na tulong-pangkabuhayan ang iniabot sa pitong grupo ng mga benepisyaryo mula sa Aurora, Bataan, Bulacan, Pampanga, Zambales, Nueva Ecija at Tarlac ng DOLE Integrated Livelihood Program (DILP).

Nilalayan ng DILP, na tinatawag ding Community Enterprise Development, na lumikha ng mapagkakakitaan at trabaho sa pamamagitan ng pagpapabuti at pagpapalago ng mga proyektong pangkabuhayan sa mga barangay.

Sa sunod na pahina

## Libreng cervical cancer screening, ipagkakaloob ng DOH

Sa pagdiriwang ngayong Mayo ng Cervical Cancer Awareness Month, magkakaloob ang Department of Health ng libreng cervical cancer screening sa mga kababaihang 30-45 taong gulang sa 58 na ospital sa buong bansa.

Sa sunod na pahina



Sina Kalihim Gregory Domingo ng DTI at Mayor Roberto Eusebio ng Lungsod Pasig, kasama ang iba pang pinuno ng DTI, sa opisyal na paglulunsad ng Palengke ng Pinoy Diskwento Caravan sa Pasig City Hall noong Marso 29, 2011.

## DTI Diskwento... (mula sa naunang pahina)

Tinitipon ng caravan na ito ang mga manufacturers na nagbebenta ng mga may diskwentong produkto gaya ng mga gamot na generic, tinapay, sardinas, mantika, pinrosesong karne, prutas, gulay, sabong panlaba at mga gamit pang-eskuwela.

Ang sumusunod ay ang schedule ng caravan: Abra sa Mayo 10-11, Oriental Mindoro sa Mayo 18-19, Pangasinan sa Mayo 24-25, Surigao del Norte sa Mayo 30-31, Zambales sa Hunyo 2-3, Zamboanga del Norte sa Hunyo 7-8, Cagayan sa Hunyo 14-15, Northern Samar sa Hunyo 17-18, Sorsogon sa Hunyo 22-23, Davao Oriental sa Hunyo 28-29, Negros Oriental sa Hulyo 5-6, Quezon Province sa Hulyo 14-15, at Saranggani sa Hulyo 26-27.

## P2.5M tulong... (mula sa naunang pahina)

Ilan sa mga kabuhayan sa rehiyon na nakatanggap ng benepisyo ay ang paggawa ng Sabutan, ang pagproseso ng kasoy, ang produksyon ng minsa at kabute, handicrafts mula sa water lily, kape at tsaa mula sa ampalaya, at pati na rin ang mga handicrafts mula sa buri at panglan.

“Hindi natatapos ang mandato namin sa DOLE sa pagpapabilis na makakuha ng trabaho ang ating mga kababayan. Nagbubukas din kami ng dagdag na mga oportunidad sa bawat manggagawang Pilipino para bumuti ang kanilang kabuhayan, sa paghihikayat na magnegosyo sila sa pamamagitan ng ating integrated livelihood program,” wika ni Labor and Employment Undersecretary Lourdes Transmonte.

## P5-B smuggling... (mula sa naunang pahina)

Ayon kay Customs Commissioner Angelito Alvarez, kinasuhan ng Run-After-The-Smugglers (RATS) Group ang Phoenix. Natuklasan ng BOC ang siyam na import entries ng kumpanya na hindi tugma ang dami at halaga batay sa ulat ng international surveyor na kinontrata ng ahensya.

Isiniwalat din ng RATS Group na sa pagitan ng Hunyo 2010 at Abril ng taong ito, umangkat ang Phoenix ng mga produktong petrolyo na may dutiable value na P5,144,035,000.00.

Inatasan ni Commissioner Alvarez ang RATS Group na sampahan din ng kaso ang mga kawani ng Customs na maaaring kasabwat sa malawakang pandaraya ng Phoenix.

Sa Metro Manila, isasagawa ang Diskwento Caravan sa DTI Building, Buendia Ave. corner Makati Ave sa Mayo 9-10; Mandaluyong, Hiway 54 sa Mayo 16; Maynila sa Mayo 30; Pateros sa Mayo 31; Taguig sa Hunyo 1, at Malabon sa Hunyo 3.


Bubuksan ang mga caravan nang alas-sais ng umaga. Sa Maynila, sasabayan ito ng mga job fair na isasagawa ng Department of Labor and Employment-NCR at ng National Wages and Productivity Commission.

## Libreng cervical... (mula sa naunang pahina)

Sa National Capital Region (NCR), isasagawa ang libreng cervical cancer screening tuwing Lunes ng Mayo. Sa mga ospital ng DOH sa Luzon, itinakda ang araw ng Miyerkules para sa libreng cervical cancer screening, samantalang Huwebes naman sa Visayas, at Martes sa Mindanao.

Isasagawa ang mga libreng cervical cancer screening tuwing Lunes sa mga sumusunod na ospital sa NCR: Jose Reyes Memorial Medical Center, Dr. Jose Fabella Memorial Hospital, East Avenue Medical Center, Tondo Medical Center, Quirino Memorial Medical Center, Amang Rodriguez Medical Center, Rizal Medical Center, Las Piñas General Hospital and Satellite Trauma Center, Valenzuela General Hospital, San Lorenzo Ruiz Memorial Hospital, National Children’s Hospital, at Jose Rodriguez Memorial Hospital.

Sa kasalukuyan, pangalawa sa mga nangungunang cancer na iniinda ng kababaihan ang cervical cancer. Siyam sa bawat sampung kaso nito ay nangyayari sa mga bansang umuunlad pa lamang.



## Iboto ang Puerto Princesa Underground River I-text ang **PPUR** at ipadala sa **2861**

Ang bawat isang SMS na ipapadala ay isang boto para sa Puerto Princesa Underground River upang mapabilang sa New7Wonders of Nature.